# Mga Hadith sa Kainaman ng mga Tagpuang Pag-aalaala (kay Allah)

Ayon kay Abe Hurayrah malugod si Allah sa kanya-Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi:(( Katotohanan sa Allah Pagkataas-taas Niya-ay may mga Anghel umiikot sila sa mga daan,naghahanap sila ng mga taong nag-aalaala(kay Allah),at kapag natagpuan nila ang grupo ng tao nag-aalaala kay Allah kamahal mahalan Siya at Kapita-pitagan,nagtatawagan sila:Pumunta kayo sa mga pangangailangan ninyo,ibinababa nila sa kanila ang mga pakpak nila sa kalangitan(sa Mundo),tatanungin sila ng Panginoon nila- Na Siya ang higit na Nakaka-alam: Ano ang sinasabi ng mga lingkod ko?Nagsabi siya: Sinabi nila:Linuluwalhati ka nila,at Dinadakila ka nila,at Pinupuri ka nila,at Dinadangal ka nila,At Sasabihin Niya:Nakita ba nila Ako? Hindi sumpa sa Allah,Hindi Ka nila nakita.At sasabihin Niya: Papaano pa kaya kapag nakita nila Ako:Sinabi nila: Kapag nakita nila Kayo,Mas hihigitan pa nila sa Iyo ang pagsamba,at mas hihigitan pa nila, sa Iyo ang pagdangal,at mas pararamihin nila sa Iyo ang pagluluwalhati, At sasabihin Niya: Ano ang Hinihiling nila?Nagsabi siya: Sinabi nila: Hinihiling nila sa Iyo ang Paraiso,Nagsabi siya:Nagsabi Siya: Nakita ba nila ito?Nagsabi siya:Sinabi nila:Hindi sumpa sa Allah O Panginoon,Hindi nila ito nakita,Nagsabi siya:Sinabi Niya: Papaano pa kaya kapag nakita nila ito,Nagsabi siya: Sinabi nila: Kapag nakita nila ito,mas hihigitan pa nila ang pagsusumikap rito at mas hihigitan pa nila ang paghihiling rito,at mas lalaki pa ang pagsusumamo nila rito, Nagsab siya: Sa anong bagay sila nagpapakopkop?Nagsabi siya: Sinabi nila: Nagpapakopkop sila sa Naglalagablab na Apoy ng Impiyerno,Nagsabi siya; Sinabi Niya: Nakita ba nila ito? Nagsabi siya: Sinabi nila: Hindi,Sumpa sa Allah,Hindi nila ito nakita,At sasabihin Niya: Papaano pa kaya kapag ito ay nakita nila,Nagsabi siya:Sinabi nila:Kapag nakita nila ito,mas hihigitan pa nila ang pag-iwas rito,at hihigitan nila ang pagkatakot rito,Nagsabi siya;Sinabi Niya:Ipinapasaksi Ko sa inyo ang Kapatawaran Ko sa kanila,Nagsabi siya;Sasabihin ng isang Anghel mula sa mga Anghel;Matatagpuan sa kanila si Pulano,ngunit hindi siya kabilang sa kanila,dumating lamang siya dahil sa kanyang pangangailangan Nagsabi Siya:,Sila ang nagsisi-upuan na hindi sinasawing-palad ang naka-upo sa kanila)) At sa isang salaysay: Ayon kay Abe Hurayrah malugod si Allah sa kanya-Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Katotohanan si Allah-ay may mga Anghel na bumibisita sa (sa Mundo) upang magkalat ng kainaman,hinahanap nila ang mga Tagpuang may pagaalaala sa Allah,at kapag nakatagpo sila ng Tagpuan na mayroong pagaalaala sa Allah,uupo rin sila kasama nila,at ibinababa ng bawat isa sa kanila ang mga pakpak nila hanggang sa mapuno nila ang pagitan nila at pagitan ng langit sa kalupaan,at kapag naghiwalay sila,tataas sila at aakyat sa kalangitan,Tatanungin sila ng Allah-kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan-

Na Siya ang higit na Nakaka-alam- Saan kayo galing? sasabihin nila:Galing kami mula sa mga lingkod Mo sa kalupaan:Linuluwalhati ka nila,at Dinadakila ka nila at Pinagsasaksihan ka nila (Na walang ibang Diyos n dapat sambahin maliban sa Iyo) at Pinupuri ka nila,at Humihiling sila sa Iyo:Nagsabi siya: Ano ang hinihiling nila?Nagsabi sila:Hinihiling nila sa Iyo ang Paraiso Mo.Nagsabi siya: Nakita ba nila ang Paraiso Ko? Nagsabi sila:Hindi,ibig sabihin : O Panginoon,Nagsabi siya:Papaano pa kaya kapag nakita nila ang Paraiso Ko,?! Nagsabi sila: At Nagpapakopkop sila.Nagsabi siya: Sa anong bagay sila nagpapakopkop? Nagsabi sila: mula sa Impiyerno Mo O Panginoon,Nagsabi Siya: Nakita ba nila ang Impoyerno Ko? Nagsabi sila: Hindi,Nagsabi siya: Papaano pa kaya kapag nakita nila ang Impiyerno Ko?! Nagsabi sila: At humuhingi sila sa Iyo ng Kapatawaran? Sasabihin Niya: Katotohanan ang kapatawaran Ko ay sa kanila,at Ibinigau Ko sa kanila ang hiniling nila, at kinopkop Ko sila sa anumang pinapakopkop nila,Nagsabi siya;sasabihin nila;O Panginoon,matatagpuan sa kanila si Pulano,isang alipin na makasalanan,at napadaan lamang siya,at umupo kasama nila,Sasabihin Niya:At sa kanya,ang kapatawaran Ko,sila ang mga taong hindi sinasawing-palad ang naka-upo sa kanila))

[Tumpak.] [Napagkaisahan ang katumpakan.]

Ikinikwento sa Hadith na ito ang pagpapaakita mula sa pagpapakita sa kadakilaan ng Pagtitipon na Pag-aalaala kay Allah,Sapagkat sinabi ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Katotohanan sa Allah -ay may mga Anghel umiikot sila sa mga daan,naghahanap sila ng mga taong nag-aalaala(kay Allah)" Ibig sabihin:Na si Allah ay nag-utos ng mga grupong nakatalag mula sa mga Anghel liban pa sa mga (Anghel na) nangangalaga na nag-iikot sa kalupaan- nag-iikot sila sa mga daan ng mga Muslim at sa mga Masjid nila,at ang sadya nila ay maghanap ng mga Pinagtitipunan na nag-aalaala kay Allah,binibista nila ito at sinasaksihan nila ito,at pinakikinggan nila ang sinasabi rito, Nagsabi si Hafiz: At ang kahawig nito,ay pagtatalaga rito sa mga Pinagtitipunan nang Pagluluwalhati at ang mga katulad pa nito.at kapag "natagpuan nila ang grupo ng tao nag-aalaala kay Allah kamahal mahalan Siya at kapita-pitagan" at sa salaysay ni mam Muslim: " Kapag natagpuan nila ang Pinagtitipunan na may Pag-aalaala (kay Allah),nagtatawagan sila" ibig sabihin ay,tinatawag nila ang bawat isa,"Pumunta kayo sa mga kailangan ninyo" at sa isang salaysay: Sa layunin ninyo;Ibig sabihin ay:Hali kayo sa mga hinahanap ninyo mula sa mga Pinagtatagpuan na may Pag-aalaala (kay Allah),at ang pagtagpo sa mga tao nito,upang mabisita ninyo sila;at makarinig kayo sa mga Pag-aalaala nila.Nagsabi siya sumakanya ang pagpapala at pangangalaga sa paglalarawan ng mga Anghel habang sila ay nasa Pinagtatagpuan ng Pag-aalaala " Ibinababa nila sa kanila" ibig sabihin ay;umiikot sila sa kanila tulad ng bilog ng pulseras sa pulso." Ibinababa nila sa kanila ang mga pakpak nila" ibig sabihin ay; umiikot sila sa paligid nila gamit ang mga pakpak nila "Hanggang sa kalangitan" ibig sabihin;Hanggang sa umabot sila sa kalangitan.Pagkatapos ay ikinikwento niya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ang pakikipag-usap na naganap sa pagitan ng Panginoong Dakila at Kapita-pitagan;at sa pagitan ng mga Anghel na mararangal,Sinabi ni Allah-Kapita-pitagan Siya sa Kanyang pagiging Mataas; "Tatunungin sila ng Allah na Siya ang Higit na nakaka-alam" ibig sabihin ay Siya ay mas higit na nakakaalam sa kanilang kalagayan,bilang pagbanggit sa mga gawain nila sa taas ng kalangitan;upang purihin sila ng mga Anghel;" Ano ang sinasabi ng mga lingkod ko? Sasagot ang mga Anghel:Linuluwalhati ka nila,Dinadakila ka nila,Pinupuri ka nila,Dinadangal ka nila" Ibig sabihin ay:Sinasabi ng mga

Anghel; Katotohanan silang mga Nag-aalaala ay sinasabi nila; Napakamaluwalhati ni Allah,Ang Papuri ay sa Allah,at Walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban kay Allah,Si Allah ay Dakila,at ang pagdangal ay ang pagsasabi ng ;Walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban kay Allah,Dahil sa napapaloob dito ang pagdadakila kay Allah Pagkataas taas Niya,sa Pag-iisa sa Kanyang pagiging Panginoon.Sasabihin ni Allah Kapita-pitagan Siya sa Kanyang pagiging Mataas," Nakita ba nila ako?Nagsabi siya:Sinabi nila: Hindi sumpa sa Allah,Hindi ka nila nakita,Nagsabi siya;Sasabihin niya;Papaano pa kaya kapag nakita na nila Ako?" Sasagot ang mga Anghel na mararangal: Kapag nakita Ka nila,Mas hihigitan pa nila sa Iyo ang pagsamba,at mas hihigitan pa nila sa Iyo ang pagdadangal,at mas dadamihan nila sa Iyo ang Pagluluwalhati" Dahila ang pagsusumikap sa Pagsamba ay naaayon sa sukat ng kaalaman.Pagkatapos ay sasabihin ni Allah-mapagpala Siya at pagkataas-taas:" Nagsabi Siya; Ano ang hinihiling nila?" Ibig sabihin ay: ano ang hnihingi nila sa akin.Sasabihin ng mga Anghel;Nagsabi sila:Hinihiling nila sa Iyo ang Paraiso" Ibig sabihin ay:Binabanggit ka nila,at sinasamba ka nila,bilang pananabik sa Paraiso Mo,Sasagot ang mga Anghel;" Kapag nakita nila ito,mas hihigitan pa nila rito ang pagsisikap"Ibig sabihin;Mas pararamihin pa nila ang pagsusumikap rito;sapagkat,walang mas mainam sa kabutihan kapag ito ay nakikita,Sasabihin ni Allah-kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya" Nagsabi siya:At sa aning bagay sila nagpapakopkop?"Ibig sabihn:Sa aling bagay na sila ay natatakot,at hinihiling nila Panginoon nila na maligtas sila mula rito.Sasagot ang mga Anghel:" Mula sa Impiyerno" Ibig sabihin ay;Nag-aalala sila at sumasamba sila sa Panginoon nila na may takot sa Impiyerno,at hinihiling nila sa Kanya-Kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan na iligtas Niya sila mula rito.Sasabihin ni Allah-kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya;"Papaano pa kaya kapag nakita nila ito"Sasagot ang mga Anghel:" Kapag nakita nila ito,mas hihigitan pa nila ang Pag-iwas mula rito," Ibog sabihin ay;Mas hihigitan pa nila ang pagsusumikap sa paggawa ng mga kabutihan na siyang magiging dahilan sa kaligtasan mula sa Impiyerno.Sasabihin ni Allah-kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya:" Nagsabi siya;Sasabihin niya; Ipasasaksi ko sa inyo,Ang Kapatawaran Ko sa kanila"Ibig sabihin ay;Pinatawad Ko sila sa mga kasalanan nila. Sasabihin ng isang Anghel mula sa mga Anghel;" Matatagpuan sa kanila si pulano ,at hindi siya kabilang sa kanila,dumating lamang siya dahil sa kanyang pangangailangan" Ibig sabihin ay;Mayroon sa pagitan nilang Nag-aalaala" Pulano" at siya ay hindi kabilang sa kanila,ngunit dumating siya dahil sa pangangailangan niyang gagawin niya,kaya`t naki-upo siya kasama nila,Siya ba ay mapapatawad?Sasabihin ni Allah kapita-pitagan Siya siya sa pagiging Mataas Niya,ayon sa kahulugan nito; Sila ang nagsisi-upuan na hindi sinasawing-palad ang naka-upo sa kanila at hindi binibigo.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee